**April 18, 2015 -** Alhamdulillah, nasa Pilipinas na si Ate Dianne

Tuesday

**Diane Pedrano** 4/21, 6:45am

Salam dong,dito na aq pinas wa dayun mkamessage sa imo kay wlay maayus nga net daghan kaayung salamat sa tanan godbless..

**Diane Pedrano** was with Divine Grace Pedrano Gazmen.

April 21 at 5:40pm · Camera360 Sharing ·

Mother and daughter reunited... — with Divine Grace Pedrano Gazmen.



Unlike · Comment · Share

You, Ana Maria Fatima Lauron, Roland Blanco, Aris Quinto and 43 others like this.

**April 17, 2015 -** Flight ni Ate Dianne

April 17

**Diane Pedrano** 4/17, 3:21pm

Salam dong,flight q na mmya ipaalam q lng sau salamat sa inyung lahat na tumulong sa akin flight 5j 741 c3bu pac 12:45 am.godbless sa ating lhat dong..

**[redacted]** 4/17, 3:55pm

ate. ingat ka lagi. di na ako nakapunta dahil broke ako ngayon 🙂

sorry ate.. wala akong mapabaon

mamimiss kita ate dianne.

wag kang bumitaw sa pananampalataya

**Diane Pedrano** 4/17, 3:57pm

Ok lng un dong malaki na ang ngawa mong tulong sa akin sobra sobra na nga,wg kng mg alala di aw bibitaw sa pananampalataya mamimiss din kita

**[redacted]** 4/17, 3:58pm

ate.. tawagan mo sina ka fat at sina ka dante ha.

ipagdasal mo ako ate. din lagi

**Diane Pedrano** 4/17, 3:58pm

Pakisabi na rin kay fat at sir aris wla aq number kay fst c dante tapos na kami magusap

Nawala number ni fat sa akin eh puede mahingi ulit?

**[redacted]** 4/17, 4:04pm

ate natext ko sa yo

---

**Ana Maria Fatima Lauron**
April 17 at 7:22pm ·

Ingat po sa byahe Ate Diane Pedrano... thank you so much din po sa inyo... finally po mkakauwi na kau god is good tlaga mkapiling nyo na fmily nyo... thank you so much sa lahat ng mga taong nsa likod ng amin kawanggawa isa na nman po kababayan ntin ang mkauwi na po mamaya thanks sa mga tulong nyo financially man or in kind... God bless everyone......😢😘

Like · Comment · Share

Diane Pedrano, Aris Quinto, Red Bual and 10 others like this.

**Diane Pedrano** Salamat mam fat and sir aris,pagpalain kau ni lord dahil mabubuti ho kaung tao sna maraming marami pa kaung matulongan na tulad ko,godbless sa inyu...
April 21 at 10:03am · Like

**April 3, 2015 -** Inimbitahan ni Bro Mohammad Amaya si Ate Dianne sa isang event ng PRGB na nagbigay ng pabaon kay Ate Dianne


**Diane Pedrano**
April 3 at 8:14pm ·

Phil.Royal guardians brotherhood at estiraha,w/ Roland Blanco,Francis Pega,& Bryan Gatdula,from balitang global and tfc connect..



Unlike · Comment · Share

**March 18, 2015 -** May Exit Visa na si Ate Dianne



نظام إدارة الوافدين
تقرير المخالفين المرحلين

| تاريخ | رقم المخالف | الاسم | الجنسية | المنفذ |
|---|---|---|---|---|
| [illegible] | [illegible] | M[illegible] | الفلبين | |

مجموع السجلات : ١

Maraming salamat sa Nag-iisang Tagapaglikha. Ang Kanyang biyaya ay siguradong matatanggap ng mga sumusunod; Sila na mga tumulong at mga naging instrumento para matapos ang problema ni Ate Diane.. Ang Governors' Office ng Riyadh, ang mga tauhan ng Jawasat, mga Ka Patnubay, Doc Jong, Bro Mohammad, Mr. Yasser, Ka Fat, Ka Aris, KA Dante,  Alias Lorenz Loius, Ka Jay,  ka Roland, Ka Kiko, Ka Arnel, ka Ronnie, Ka Noel, Ka Jp, Ka Obet at Ka Noah; ANCOP-CFC, Cebu Pacific at Laguna Lakers Cargo Forwarders, Healing Hands c/o Cheryl; Si Ambassador Tago at ng Consular Section ng Embahada.

**2015-03-09 14:49 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu wrote**

Dear Amba Tago,

Thank you so much sir.

*From Diane Pedrano*
*2:47pm*

*Tumawag na dong ngaun lng punta dw aq bukas doon kay ms shiela dw secretary ni amba tago.*

**2015-03-08 23:03 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu wrote**

Dear Amba Tago,

Salam sir, we would like to ask one more favor for ATe Dianne Pedrano.

We need any certification or authentication that Ate Dianne owned her new passport. Need kasi ng jawasat para malagyan na ng final exit visa ang kanyang travel document.

Bale po pupunta po si ate dianne sa lunes ng hapon para kunin ang certification.

Actions take for the past weeks since our last updates

1. Nabayaran na natin yong penalty sa iqama.
2. then another week ulit ang hinintay para mafingerprint si ate for final exit visa dahil wala yong case officer nya sa jawasat.
3. nang mafingerprint si ate, nakita ulit ng incharged sa fingerprinting sa tarhil na yong border entry ni ate ay kapareha nya yong bangladeshi. it was also found out na hindi nakuhaan ng iqama number si ate ng kanyang employer. first time nya rin magfingerprint.
4. now she needs to a proof na yong pangalan sa travel document at sa printout. Kaya isinubmit ni ate dianne yong replacement passport na nakuha nya sa embassy noong amnesty.
5. last week wala na naman ang kanyang case officer sa jawasat dahil namatayan.
6. kaninang umaga, sinamahan sya ng case officer sa jawasat at sinabi doon sa tarhil na need ng confirmation from embassy na yong passport na yon ay totoo at hindi fake.
7. how ate dianne was able to get a passport noong amnesty?


may kopya sya ng kanyang lumang passport kaso yong nag-iisang kopya ay kinuha daw ng migrante noong nagorganize ng rally ang migrante noon sa polo :). at hindi na isinuli sa kanya ang kopya ng passport nya.

pero k lang yon kasi sinabi nya naman doon sa moder ng tarhil na di na isinuli ng amo nya ang kanyang lumang passport at nakakuha sya ng bagong passport sa embassy. naintindihan anman ng moder ng jawasat... ang sabi need lang ng proof na sa kanya yong passport at hindi fake.

MAraming salamat po ulit sir.

joseph

**February 12, 2015**



Diane Pedrano
1 hr ·

Maraming salamat sa patnubay volunteers sa cash na 2,450sr pra mbyaran ang penalty ng iqama q,maraming salamat din kay sir Roland Blanco sa hinatid nyang 500sr pra png baon q,kng kanino mn un galing at sa lahat na mnga tumulong marami pong salamat sa inyung lahat godbless po.isa q pang pasalamatan ay c boss Dante Layosa sa ticket q pauwi salamat ng marami boss sa lahat ang laki ng naitulong nyu sa akin,pagpalain ho kau lage dahil npakabuti ng kalooban nyu,sa lahat ng tumulong sa akin mula cmula na ngkaproblema aq patnubay online,mnga donors,ANCOP cfc,mam fat at sir ArisQuinto,sir roland, francis,dok jong,arnel,kng cno mn ung iba joseph daghan kaayung salamat dong dq kau makakalimotan godbless sa inyung lahat.

Like · Comment · Share

Roland Blanco, Aris Quinto and 6 others like this.

Catherene Sol Canillo Mu uli nka ma?
18 mins · Like · 1

Roland Blanco Pasalamatan natin si Ms Cherickson De Guzman Mortela ng Healing Hands Foundation para sa SAR500 na naging pocket money mo. Si Jp ang humingi ng tulong sa foundation at agad silang nagpaunlak. Naging messenger lang po ako 🙂 at sa lahat ng mga taong na... See More
15 mins · Like · 3

--

**February 10, 2015**

**Tasio Espiritu wrote:**

Mission Accomplished (2450 for penalty sa iqama)

On hand
300 - ka Jay
200 - alias AFG
200 - border nina alias AFG
100 - Tasio
100 - Roland

500 - bro noah
400 - ka Noel Nebran
200 - ka obet
450 - ka dante
------
Total - 2450SAR

collectibles

500- from cheryl thru ka jp
-------
Total  500SAR

Overall total - is 2950SAR

Breakdown
2450- for penalty sa iqama
500- for pabaon for ate dianne
AngTicket sagot na ni ka dante layosa din.



**February 5, 2015**
**12:55pm**

**Tasio Espiritu wrote:**

**Salam to Fellow Advocates:** Updates.. Fingerprint na si ate bukas.. ticket na lang kulang. ka Ana Maria Fatima Quinto, pwede maligawan si ka dante for ticket buhay pa yong cebu pacific na free... ka Noel Nebran.. basin mamarayg nami nimo.

ito ang updates kay ate dianne

our urgent problem is for the penalty na 2450 SAR to be raised before sunday.. re ticket for ate dianne, may nagpledge na man sa ticket nya. ito na lang penalty for the ticket

**February 5, 2015**
**12:53pm**

**Diane Pedrano**

Dong

nbsa nimo akong text kanina?didto m8 sa jawasat gipabayad mn ko aron pagkhuman mgfinger print sa sunday na ra ba unsaon kaha ani 2,450 ang akong bayaran dia ang sulat sa ako ipahatag ni bro mohammed sa imo

Translation: dong nabasa mo ba ang text ko kanina, nandon kami sa jawasat pinabayad na ako ng 2450sar for penalty sa iqama. para pagkatapos ko mafingerprint, sa sunday na .. papano ko ito mabayaran . andito ang sula na ako ipabigay kay bro mohammad amaya sa yo.

**February 5 at 1:11pm**

**Roland Blanco wrote**

Hopefully, kind-hearted individuals and groups from the community of Patnubay volunteers will heed her request. Salamat Mohammad Amaya sa support. Isang tumbling na lang!

**January 15, 2015**

7:42am Tasio Espiritu

ate natawagan mo si bro Mohammad Amaya?.

8:40am Diane Pedrano

Wla mn ko number ni abu saleh,ganito un c bro.mohammed at c yasser ang nguusap ang dahil wla nga c abu saleh nung pumunta kami at di nakita ang papel q tinwagan ni bro.mohammed at ni yasser c abu saleh ang ppasok xa khapon monday,hahanapin dw nya pael q kng makita ttwagan c bo.mohammed ni yasser para bumalik kami doon,so cla ang nguusap at ska na aq ttwagan ni bro.mohammad kng makita na papel q sabi nya xa dw bhala mkauwi na dw aq insha allah!

Evening
7:19pm Diane Pedrano
Dong nakita na dw akong papel magfinger print na dw aq bukas yeheey!! alhamdulillah..

8:21pm Tasio Espiritu
ligawan ko si kadante layosa ng laguna lakers for ticket mo. punta rin sya bukas. sasama na ako.. or si ka noel nebran

8:23pm Diane Pedrano
Ah..alam mo hinanapan aq ng gamot ni ka dante layosa. hiningi nya mnga pangalan ng mnga gamot q..Kanina tumawag sa akin ihahatid sna kya lng busy dw kya bukas na lng..

**January 2, 2015 -** We visit ate dianne at inabot natin ang 400SAR na binigay ng mga OFW na nagwork sa STC.
Link:
https://www.facebook.com/PatnubayOnline/photos/a.780000925383517.1073741907.259830960733852/848361411880801/?type=1&permPage=1
We told ate dianne na sa update ni Bro. Mohammad Amaya sa pagpuntay nya sa Jawasat, tinawagan namin si Bro Mohammad at nagka-usap din sila.

**January 1, 2015** - Tumawag si Bro Mohammad Amaya na ang sabi ng Jawasat sa kanya ay babalik sya sa Sunday (January 4, 2014) para Si Bro Mohammad ay kasamahan natin na tumutulong kay ate Dianne sa pagprocess sa Jawasat.

**December 25, 2014** - Dinalhan natin ng food supply si Ate Diane

Link:
https://www.facebook.com/PatnubayOnline/photos/a.780000925383517.1073741907.259830960733852/842130152503927/?type=1&permPage=1

**December 21, 2014** - Pananawagan sa mga kasamahan sa adbokasya
Team, we need financial help for ate dianne. for her daily meds.. for taxi fare sa pagprocess ng kanyang papers and for food supply.

To recall si ate dianne yong may sakit sa kidney na maraming buwan ng lumapit sa polo. sa halip na tulognan ay insulto at masakit na salita pa ang binibitawan ng isang Ruth Daza.

Kaya kinuha natin ang case ni ate at inilapit sa emara.. finorward sa jawasat. then ang jawasat for verification. Then naiforward ng jawasat ang iqama, passport records at medical report back to emara for final review.. Then from emara ibinalik ang papers to jawasat for repatriation.

Sa ngayon, need ni ate for for her medications, for food at for taxi fare sa pagprocess ng kanyang papers.

Take note na malapit na tayong matapos, at tapusin natin ito na walang polo or embassy. kahit sa ticket or food supply.. dahil alam natin na ang dswd, or polo, or embassy kung sisingit pa sila dito ay aangkinin nila sa kanilang na sila ang trumabaho.. Ang DSWD bibigyan lang ng sardinas sasabihin nila na constant silang nagbigay.

If hahayaan natin mangyari yan. parang isinuko na rin natin ang paghangad ng hustisya laban sa pambabastos, panginsulto at mga sakit na salita ng isang ruth daza kay ate dianne.. baka mapromote pa..

**2014-12-18 13:49 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu wrote:**

Updates kay Ate Dianne: From Jawasat, after makuha ng officer ang mga medical records ni ate Dianne ay ibinilik ito lahat sa emara.


It took us more than a month to wait..  coz of the following procedures

**Procedures**

1. dalhin yong lahat ng papers of ate from al wafiden to emara.. this process takes at least one week.
2. i-enter nila sa computer for a fresh file number.
3. then i-re-evaluate pa ng emara if sufficient ba yong proofs ni ate diane for her repatriation.

4. if papasa sa evaluation then ibabalik ng emara ang papers ni ate pabalik sa al al wafiden. it will take at least one week
5. Repatriation procedures with recommendation by the office of the Governor

Naka-attached dito yong stub mula sa emara at isusulat ko ang mga paliwanag sa baba.


المملكة العربية السعودية
امارة منطقة الرياض
الإتصالات الإدارية

تذكرة مراجعة

1322777 كود الطباعة

رقم الخطاب : [redacted]
التاريخ : 1436/ 1/ 3
رقم الوارد : [redacted]
نوع الوارد : عام
التاريخ : 1436 / 1 / 3
جهة الإحالة : الحقوق الخاصة
رقم الصادر : [redacted]
نوع الصادر : عام
التاريخ : 1436 / 2 / 5
جهة الصادر : الوافدين

حالة المعاملة : سددت
الإسم : ماريا بدان

**Explanation for the attached stub from emara.**

1. Date: 1436/1/3 (October 27, 2013) - Nakarating ang papers ni Ate from Al Wafideen (OUT case number hidden) to Emara (IN case number hidden)
2. Date: 1436/2/5 (November 27, 2013) - ipinadala ng emara (OUT case file number hidden) pabalik sa Jawasat for repatriation.
3. Normally, it will take a week before makarating yong papers ni ate sa wafideen at magkaroon doon ng (IN case file number)
4. Actions taken and to be done by ate.
5. December 15, 2014 - pumunta si ate sa al wafideen. confirmed na nasa wafideen na ang kanyang papers .
6. Babalik sya next week dahil nasa bakasyon ang kanyang case officer. at babalik daw next week

7. Hopefully no need na for the No Objection letter ng sponsor ni ate at makauwi na sya.
8. Hopefully, tayo na rin ang makapagprovide ng ticket para kay ate

**Urgent Concerns ni ate ngayon ay**

1. Financial support for medicine, food at pamasahe sa taxi.

**Next concern will be the ticket..**

Thus i ask our partners in advocacy na matulongan si ate sa mga concerns na ito.

Ito lang po muna and may Allah Subhanahu wa ta'ala bless those who help ate dianne..

Maraming salamat sa *Thursday Group Riyadh* at kay alias *lorenzoloiuse* sa financial support kay ate..

Link:
https://www.facebook.com/media/set/?set=a.780000925383517.1073741907.259830960733852&type=3

Maraming salamat din sa *ANCOP Eastern Province*..

Link:
https://www.facebook.com/media/set/?set=a.830829026967373.1073741921.259830960733852&type=3

Thanks din to Amba Tago at sa embassy staff na nagbigay ng Travel document kay ate.

May Allah Subhanahu wa ta'ala bless all these people who help ate.. and punish those people like Ruth Daza na sa halip na tumulong ay masasakit na salita. at iilang kakilala ni ate, na sa halip na damayan, or bigyan ng kunting financial support ay pinagtatawanan pa sya..

Maraming salamat
Joseph
PS: Gusto namin itong ibigay na task kay Kuya Rabi para sya na ang tatapos sa case ni ate dianne sa jawasat, para di na mahirapan si ate..

then i remember the Ruth  Daza at lahat ng masasamang salita at insulto na sinabi nya kay ate dianne sa halip na tulongan ang may edad na at may sakit.. umabot ng walong buwan si ate pabalikbalik sa polo pero walang nangyari kundi panlalait Inag ni ruth daza... at may sinabi pa ng daza na wala daw magagawa ang patnubay.. .

So heto na si ate sa tulong namin nakaya nyang makakarating sa puntong ito.  If ibibigay namin ito sa POLO para sila ang tatapos sa final stage...maririnig mo na naman ang salita na nasanayan ng mga taga polo na walang alam about patnubay ang katagang..  "Sa amin din yan lalapit sa bandang huli"

**2014-10-29 20:43 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu :**

Thank you so much po sir

**On 29 Oct 2014 16:25, "Ezzedin Tago"  wrote:**

JOSEPH

someone from ATN will call her re TD issuance.

Ezzedin

**On Oct 29, 2014, at 16:17, Joseph Henry Espiritu wrote:**

Dear Amba Tago,

Salam sir, we would like to request that the TD of ate diana pedrano be renewed or be replaced with a new one.

Naka-attached po dito yong old TD nya. Please advise when we will tell ate to come to the embassy for the TD

God bless and more power,
joseph

**2014-10-20 14:37 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu wrote:**


Updates:  Salam, kaninang umaga pumunta na si Ate sa Jawasat at inadvisan sya na ipatranslate lahat ng medical report. In one week time, In Sha Allah ay magfingerpint na sya. Yong case officer ng Jawasat promised to update and call her. We can also make our own follow-up both sa Jawasat at sa Emara.Ang problema na lang natin ay ang Travel Document.

I-request natin ito sa ating Assistance to Nationals to provide the TD. Hope wala nang hassles at walang hesitations sa part ng ating embassy.Lastly, Ginawa na po namin ang bagay na dapat noon pa ginawa ng taga-POLO kay ate Diana. Kaso hindi ginawa dahil ang case officer na  bruha na Ruth Daza ay walang alam. Sa halip na aaminin na wala syang silbi ay pinadaan nya sa sungit at pang-insulto sa OFW. OFW na babae, 54 years old na at may sakit pa.

Heto na po kami almost sa finished line.  Samantalang ang reklamo namin laban sa isang ruth daza ay binaon lamang sa limot ng gobyerno nating bulok na sanay lamang mangungurakot sa mga OFW sa mga membership fees ng OWWA, OEC, Philhealth, PAG-IBIG at di pa nakuntento ay terminal fee sa NAIA.

Okay lang sana kung may kapalit na tamang serbisyo mula sa kanila. Okay lang sana kung paparusahan ang nagkakamali nilang tauhan. Kaso hindi sa halip ay proud na proud pa sila sa bawat tauhan na nakapang-abuso ng OFW. Enjoy na enjoy sila na depensahan, protektahan, tatabunan ang mga pinaggagawa ng mga tauhan nila.  At ipapalabas nila na sinungaling ang OFW na nagsumbong, na humingi ng serbisyo nila. Tumatalon-talon sila kapag nakapagpaiyak sila ng mga OFWs lalo na kung babae, na may edad at may sakit katulad ni Ate Diana.

Ganyan sila kasama! Matatakot na kayo.. matatakot kayo sa mga OFW na magdarasal laban sa inyo. Marami kami na kung sabay-sabay kaming magdarasal sa inyo ay matatakot na kayo kung naniwala pa kayo na may Diyos. Kung naniwala pa kayo na kayo ay tao lamang at may hangganan ang inyong kasamaan.




Itaqi Dawatil Madhlum!
Joseph

**2014-10-20 9:09 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu wrote:**

Updates: Tinawagan ng Jawasat si Ate Diana kahapon at sinabihan sya na nandun na yong sulat nya at nang sa amir. Pinapunta sya today (October 20, 2014).

So we are a step closer to sending ate Diana home. Okay na rin ang ticket dahil may nagpledge na for ate's ticket. Si Ka Noel Nebran.

Ang magiging problema na lang natin ay ang Travel Document. May travel document si ate noong time ng amnesty kaso expired na ito Maari itong i-extend or maari itong marenew.

Hindi naman sana mahirap ang pagkuha ng travel document dahil free yan na makuha sa embahada (or sa POLO).. Pero dahil nangyari na inexposed natin ang kasamaan ng tauhan ng POLO na si Ruth Daza ay maaring i-deprive nila si ate sa travel document.


At magsasalita ulit itong Ruth Daza ng ganito "See? sa amin ka rin lalapit sa bandang huli.. (then sabay tawa nang malakas ang bruha) HA HA HA HA!"

Hindi imposibleng mangyayari yan. dahil ang mga tauhan ng gobyerno natin ay nagprotektahan. Sa halip na itakwil or ikakahiya ang mga tauhan na unbecoming, sa halip na pagagalitan ay idinepensa pa nila, ipinalabas nila sa kanilang mga report sa manila na hindi totoo ang complaint ng ofw. Sa report nila, ang taga-POLO ang mabait at kawawa at ang OFW ang masama at abusado..

Kaya sa dami ng mga reklamo natin na grabe ang pinaggagawa ay walang nangyari sa aming complaints.. dahil birds of the same feather protect each other.

Katulad ng complaints natin kay Ruth Daza, ang linaw ng kapalpakan, sa loob ng maraming buwan wala syang nagawa at wala syang kayang gawin, kaya dinaan nya na lang sa panginsulto at masakit na salita kay ate diana. Sabay banat.. "anong kayang gawin ng patnubay sa amin din yan sila lalapit"  Heto na patnubay ulit ang tumapos sa mga kalat nyo.

Team, naglambing si ate ng ACAI juice.. sino sa mga kasamahan maluwag at mabilhan si ate ng acai.



May Allah Subhanahu wa Ta'ala  bless everyone and thank you so much,
Joseph

**2014-09-28 20:32 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu wrote:**

Alhamdulillah! Alhamdulillah! Alhamdulillah!  Ang lahat ng papuri ay ukol lamang sa Nag-iisang Tagapaglikha. at ang lahat ng ating pasasalamat ay nauuna palagi sa Kanya.

Naiforward na po ng emara ang case ni Ate Diana sa Alwafideen. (See attached image) Meron itong kasamang recommendation letter mula sa governor's Office. Mga one week pa ito makakarating sa al wafideen pero maaring after eid na ito or maaring marush at maprocess ito before matapos ng Eid.

Nagawa na namin ang pinakauna at pinakamahirap na hakbang, If kukunin ang case na ito ng ating embahada or polo at ipapangako nila na sila na ang tatapos sa case sa Al wafideen. (para sa mga kasama na nasa email thread na ito na hindi pa nakakaalam, ang wafideen po para sa mga babae ay nasa Naseem na ngayon). So, it will be good for ate diana, if we will return the case to POLO para tapusin na nila ito sa Al Wafideen. If mapunta ito kay kuya robbie marahumsar or sa ATN.. hindi ako magdadalawang isip ibigay ang case file numbers.


At isang kundisyon pa. pakisampal nga ng left and right sa isang napakasamang babae na si Ruth Daza ng POLO Riyadh na sanhi ng issue na ito. Kung di nyo gagawin yan mas maraming pang masamang epekto ang mga dasal ko sa kanya. kaya lakasan nyo ang sampal sa masamang babae na yan.

Tinawagan ko si Ate Diana kanina, tuwang tuwa sya na nakarinig sa good news. at masaya din yang ibinalita at nagpapasalamat sa pagbigay natin sa kanya ng ACAI berry juice at yong triglyceride level nya ay bumaba ng 185 mula sa dating 500 plus kahit may gamot sya na naitake.  Alhamdulillah! Alhamdulillah! Alhamdulillah!..

sinabi ko kay ate, na maglalambing ako sa mga kasama sa patnubay na bilhan sya ng isa pang bote ng acai. at ako ay medyo malaki na ang nabitawan para sa acai nilang dalawa ni tatay wilfredo noon na merong cancer.

Sinabi ko kay ate na ang lahat ng mga magagandang nangyari sa kanya ay dahil yan sa kanyang pagdarasal at sa mga dasal ng mga nagmamahal sa kanya. Sinabi ko kay ate na yong triglyceride level nya noon na 500 kataas, ay mapupunta yon kay ruth daza. dahil wala akong ginawa a araw-araw kundi ipagdarasal na matatanggap na mga parusa ng mga masamang tao katulad ni Ruth Daza.  "Itaqi Dawail Madhlum!". Matatakot sya sa dasal ng mga inaapi nya.

Ito lang po muna at maraming salamat sa lahat.
Joseph
Patnubay - Riyadh




**2014-09-14 14:13 GMT+03:00 Ronnie Abeto :**

Dear Ka Pat,

Pero you will also remember that Ka Joseph turned down the idea as I quote him below:

"Sorry po, thank you na lang DSWD giving ticket is not your function kaya kayo pinadala dito. but to protect the welfare of the OFW.. Di ba sa atin ang DSWD ay kumakampi sa mga inaapi. katulad ng pagreprimand sa magulang na nagpapasakit ng kanyang anak. Dapat DSWD ang function nyo ay sulatan nyo itong si Ruth Daza

sa kanyang mga masasakit na salita at insulto nya kay ate diana. O di kaya magpadala kayong complaint sa head office tungkol sa paghahasik ng isang Ruth Daza ng kasamaan dito sa POLO Riyadh. Hindi yong ticket lamang ang kaya nyong gagawin. Ang dami nang sources ng ticket, owwa, oumwa, mandatory insurance, agency.. ngayon nakisawsaw pa ang DSWD. Kailangan namang luluhod pa sa inyo ang mga OFW ang dating ay parang galing sa sariling bulsa nyo ang pera."

I also foreseen na baka ang isang distressed OFW pa na may kasalukuyang hinihinging tulong sa Patnubay ang makatugon sa pangangailangan sa tiket ni Diana and if it happened, SOBRANG NAKAKAHIYA naman kay Ruth Daza at sa Gobyerno. I hope Noel Nebran will not do it, kasi kapag siya pa ang tutulong para sa tiket ni Diana ay parang malaking SAMPAL sa mga kinauukulan ang gagawin nya. Biro mo, OFW na humihingi ng tulong sa Patnubay, siya pa ang nagbigay ng pantiket!!

Regards,

Ka Ronnie
Patnubay - Al-Khobar

**2014-09-13 8:50 GMT+03:00 pat mabanta :**

Ka Joseph,

Nabanggit ko noon kay DSWD Madam Pearl about her at nag pledged sya to pay for Ate Diana's ticket if needed. Remind ko ulit sya mamaya.

Pat

**On Wednesday, 10 September 2014, 12:16, Tasio Espiritu  wrote:**

**Updates:** Please find the attached online stub from emara for ate diana.. Online stub ito dahil kukunin pa lang natin yong stub sa tropa natin sa loob.. Bale nagquery lang tayo based sa naitext na file number mula emara to ate's mobile phone.

Hopefully this will be forwarded to al wafideen in few days.. In Sha Allah. May mga contact na rin tayo doon sa naseem.

And if in case the jawasat will clear the tashira number for ate diana.. may mga nakahanda na rin tayong volunteer na mag-assist sa atin sa jawasat sa king fahd. In Sha Allah.

So if may exit visa na si Ate.. who will shoulder sa ticket? Will it be us?  Walang problema

Or baka gustong babawi ng taga-POLO at sila ang magprovide ng ticket for ate..

Natatawa lang ako sa sinasabi ni Ruth Daza kay ate noon na "ano ang magagawa ng patnubay, sa akin pa rin yan lalapit?" ..

Hindi nya naitanong ang sarili na.. kung may magagawa ba sya?  Alam nya naman na lahat ng welfare officers dito ay walang magagawa at umaasa lang mga local hire. Ang hirap sa mga kupal na ito ay pati mga sarili nila pinagsisinungalingan nila.


okay lang sana yong yabang lang.. pero yong mang-insulto at manigaw ng ofw dahil sa pagtatabun ng kanyang pagkawalang maitutulong at pagkawalang alam.. ay di namin palalagpasin.


Ruth Daza, alam ko tumatalab na ang dasal ko sa yo.. Wala ka pa bang naramdaman.. sa paglalakad mo sa daan, at sa pagtulog mo sa gabi? dahan-dahan kitang pahihirapan.. magsisisi ka na nabuhay ka pa sa mundo. dahil sa kasamaan ng budhi mo.

Sa mga totoong tumutulong. buong buhay ko kayong ipagdarasal sa Allah, para sa biyaya dito at sa kabilang buhay.

Maraming salamat,
joseph

Attachments Emara Stub:




---

**From: Tasio Espiritu**
Date: 2014-09-04 8:58 GMT+03:00
Subject: Case of Maria Diana Pedrano (050xxxxxx) -(OFW with Kidney Problem)

Dear All,

Please check this Photo Album sa Patnubay Facebook Page - re mga tulong ng kapwa OFWs para kay ate Diana Pedrano

ito yong link:
https://www.facebook.com/media/set/?set=a.780000925383517.1073741907.259830960733852&type=3

**Updates:**

*Good News* - Tinanggap din sa governor's ang sulat ni ate.. hopefully we can have a good result early next week. at diritso na tayo sa jawasat.

Binigyan ko rin in advanced ng kopya sa sulat ni ate ang mga tropang saudi na tutulong sa paglalakad ng kanyang papers sa jawasat. Please pray na maging succesful ito.

*Bad News* - Matunog ang balita na masayang-masaya ang mga pinadala ng gobyerno na nagtrabaho sa POLO dahil dagdagan na 3000USD ang kanilang monthly allowance kung nasa tour of duty.

Nakakalungkot na sa halip na parusahan at pansinin ang mga reklamo natin laban kay Samuel Madrid, Rene Garduce, Ruth Daza, Romeo Pablo at Richard Seneres. Sa halip na parusahan itong mga masasamang tao, itong may mga masasamang budhi ay parang binigyan pa ng gantimpala sa kanilang pagkaabusado sa serbisyo.

Masakit sa loob naming mga OFWs, na sa halip na parusahan ang mga abusado at mabigyang hustisya ang mga OFW na dumanas ng kasamaan ng mga opisyal na ito, ay ginantimpalahan pa. Yan ang tuwid na daan ni PNOY!

Maraming salamat at God bless po.
Joseph

PS: Bonus Article - The Alfredo Salmos Story - sino ang tumulong para sya makauwi? heto ang link http://patnubay.org/?p=4144----

**2014-08-14 13:32 GMT+03:00 Tasio Espiritu :**

ay ganyan ba nag sinabi nya (ng abusadong Ruth Daza), aw dapat talaga syang matanggal. dahil ginawa nyang sinungaling ang isang maysakit, o di kaya may amnesya na sya or di kaya Alzheimer disease na sana yan.

dont you worry about the video tol, andito sa akin yong video ni ruth daza na binigay ng mga teachers sa atin. ang mga teachers na dumanas din sa kasamaan at masasakit na salita ng ruth daza na ito.

di ko sana ilalabas ang video na ito sa patnubay kung humingi lang sya ng tawad kay ate diana..kaso sa halip na humingi ng tawad ay pinalabas pa na sinungaling si ate diana.

**2014-08-14 11:41 GMT+03:00 Rolando Blanco :**

Thanks Labatt Resty for allowing me to meet with WelOff Daza in your office yesterday. Sa aming paguusap ni Ms Daza, nakiusap syang walang video camera. Ipinabasa ko ang dala kong kopya ng email from Joseph, Ronnie and Pat na nasa thread na ito para makapag-komento siya nang maayos.

Hindi raw niya sinabi ang mga na-quote na linya ni Joseph base sa kwento ni Ms Pedrano. Isinulat ko lang sa papel ang detalye nang paguusap namin at pinakumpirma sa kanya kung tama ang aking interpretasyon at pagkaunawa sa sinabi niya. I'll also write a follow story on Ms. Pedrano's condition and the latest update re POLO's support to her based on my interview with Labatt Resty in one of the forthcoming episodes of Balitang Global, kasama ang statement ni WelOff Daza sa isyu.

**From: Joseph Henry Espiritu**
Sent: Thursday, August 14, 2014 11:13 AM
Subject: Case of  Maria Diana Pedrano (050xxxxxx) -(OFW with Kidney Problem)

Message from Elsie Balante to Ruth Daza and Labatt Resty.. fyi, si elsie ang naglapit ng kaso ni ate diana sa patnubay pagkatapos noong unang lumapit si ate diana sa polo at sinabihan ng masasakit na salita ni ruth daza. ·

**Elsie Balante wrote:**

*Message for miss Ruth,*

*"Dapat sayo miss Ruth mag resign na dhil wala kana palang silbi dyan sa polo,Wala kang karapatang mag salita ng d maganda sa Tao lalo na sa nga matatandang may sakit,ilagay mo ang iyong nanay sa katayuan ni ate Diane tas pag Sabihan ng Hindi maganda at masasakit na salita tingnan natin Kung dika magalit sa taong nag sabi ,isa kming ng ofw na nag papasahod sa inyo kaya mag trabaho Kayo ng maayos sa*

*naayon,Ruth daza Kung may delikadisa ka at respito sa sarili mo mag bitiw kna sa posesyung Meron ka dhil wala kna mang ginagawa o nagagawang mabuti sa kapwa mo Mahiya kna man ,pasa lamat ka mabait c Ate dika sinagot sagot,kapal mo*

*Message for sir labatt resty,*

*Dear sir labatt resty ,magandang Araw sayo...alam Kung dimo na ako kilala ,lalo na sa name pero Kung naalala mo pa na magkasama tayong pumunta ng alkharj noon June 2013 with mr.alwabil you will remember me.....tinolongan mo yung 3 ofw distressed pra Lang ma print out ang entry at exit nila ,pra Lang maka uwi na ng pinas ,sana ganun din Gawin mo pra maka uwi c ate Diane ng pinas na may buhay pa ,ang daming paraan na pwede nyo pong magawa na solosyun sa problema ng ofw isa na dun c ate Diane ,sana magawaan nyo rin xa,"*

Pakicheck na rin kung tama itong cartographic sketch ko kay ruth. ito ay nakabased lang sa mga sumbong ng OFW na dumanas ng masakit na pananalita nya.

heto po
https://scontent-b-fra.xx.fbcdn.net/hphotos-xpa1/v/t1.0-9/1521491_774658469251096_7124265789050062475_n.jpg?oh=5ba94f72cc9cddf6e1ca89582b70ba81&oe=547C3187

**From: Tasio Espiritu**
Subject: Re: Request of Maria Diana Pedrano (050xxxxxx) - OFW with Kidney Problem
Sent: Sun, Aug 10, 2014 10:30:29 AM

Dear all, Katatapos ko lang magsalah at nagdu'a.. hindi na ako nagdasal ng ganito mula nang ako ay nagMuslim. pero sa ginawa nitong walang pusong Ruth kay Ate Diana.. ibinalik ko na naman ang pinakaepektibo ko na dasal. Ang dasal para sa mga api.

Ruth, mag-ingat ka dahil hindi kita titigilan pagdarasal. Mas malala pa ang sasapitin mong problema kaysa kay Ate Diana at ma-alala mo itong sinabi ko sa yo. Napakadali mo lang matatamaan ng parusa ng Allah dahil ikaw ay isang maruming babae, kaya ang lumalabas sa iyong bibig ay puro marumi.

Nasanay ako sa dasal na bibigyan ng mas maraming biyaya ang mga mabuting tao na tumutulong sa ating adbokasya para sa mga OFWs. Nakalimutan ko na napaka-effective ng aking dasal na mapaparusahan ang mga masasama katulad mo ruth at yong mga inireklamo namin.

Mula ngayon, hindi na ako aasa pa sa gobyerno na magkaroon ng hustisya ang mga ganitong pang-aapi.. Sa dami nang mga reklamo namin, dedma lamang kayo.. Lalong umabuso ang mga abusado. Lalong naging masakit ang mga salita ng mga masasama. Kaya yong mga nagbalewala sa aming hinaing at reklamo na mapaayos ang pagtrato sa mga OFWs.. kasama kayo sa aking araw-araw na dasal.

Araw-arawin ko kayo na may mga masasamang budhi, na hindi kayo mapapanatag sa araw-araw nyo na buhay. simula sa paggising nyo sa umaga, sa bawat galaw nyo, sa bawat pagkain nyo hanggang sa pagtulog, kahit sa panaginip usisigin ko kayo.

Kayo na lahat ng nagpabaya, darating ang panahon na hahanapin nyo ako at sasabihin nyo sa akin na "tigilan mo na ang pagdarasal laban sa akin joseph"..

Para sa mga mabubuti at mababait na tauhan ng gobyerno, biyaya ang naghihintay sa inyo dahil sa inyogn kabutihan. at maraming magdarasal para sa inyo.

Maraming salamat,
Abu Bakr
**2014-08-10 11:42 GMT+03:00 roland blanco wrote**

Dear Labat Resty,

Salamat muli sa pangakong aalamin nyo ang isyu laban sa kung sinuman ang Ruth na binabanggit sa email sa ibaba.

Sana ay makuha ko ang kanyang panig at malaman ang katotohanan sa umano’y pinagsasabi niya sa isang may sakit na OFW na humihingi ng assistance sa POLO.

Nang magtalaga ng mga babaeng opisyal ang POLO dito sa Riyadh, umasa kaming magiging maayos sana ang serbisyo ng inyong tanggapan.

Hope to hear from you at alam nyo sa puso nyo na isa kayo sa aming inaasahan na maghahatid nang magandang serbisyo sa aming mga OFW at gawin ang nararapat na hakbang sa mga abusadong POLO staff.

Respectfully yours,
Roland

**2014-08-10 11:38 GMT+03:00 Ronnie Abeto wrote:**

Sir, I joined my fellow Patnubay Servant Leaders in calling for the dismissal of this Ms. RUTH; she has no place in the government service much more in POLO. Salbahe ka Ms. RUTH at walang puso. If you have decency in yourself, just RESIGN!!

Regards,
Ka Ronnie Abeto
Patnubay - Dammam KSA

**2014-08-10 11:07 GMT+03:00 pat mabanta wrote:**

Nakipagkita ako kay Gng Diana noong nakaraang linggo para alamin ang kanyang kalagayan dahil may nagsabi sa akin na hindi maganda ang kanyang kalusugan at nangangailangan ng agarang medical attention.

Nakita ko ang sitwasyon at dahil sa kumplikasyon sa kanyang kidney ay namaga na ang kanyang buong kanang paa at nahihirapan syang huminga at dapat madala agad sa hospital para mabigyan lunas ang kanyang karamdaman, kaya sinabihan ko sya na pumunta sa POLO para tulongan sya na makapagpa-ospital. Pinilit niyang mag biyahe despite yung kalagayan nya na nihihirapan na lumakad at nagpunta sa POLO noong nakaraang Huwebes at tumawag sya noong nakasakay ulit pabalik sa kanyang tirahan at halos naiiyak na sama ng loob dahil sa masasagwang salita na binitiwan ni RUTH ng POLO Riyadh. Ayaw na nga siyang tulongan ay binastos pa sya at nilait-lait pa.

Kung sino man ang RUTH na yan ay wala siyang karapatan na bastusin ang sino mang OFW na ipinagmamalasikitan namin na mga NGOs. Humihingi ng kalinga si Gng Diana pero sa halip na tulongan dahil siya ay sugatan ay binodburan pa ni RUTH ng asin para lalong hahapdi ang sugat. Ang ginawa ni RUTH sa isang OFW na katulad natin ay nagpapatunay na siya ay hindi dapat nandito para pagsilbihan tayo dahil wala siyang malasakit sa mga OFW.

At dahil dito, dapat ipa-recall natin siya sa Manila at palitan siya ng dedikadong tao para pagsilbihan ang mga OFW. Mabuhay ang mga OFW!

Pat Mabanta
Riyadh

**On Sunday, 10 August 2014, 10:32, Tasio Espiritu wrote:**

PAHABOL:

Salam Labatt Resty, sir please tell this RUTH na maging maayos sya sa kanyang pananalita lalo na kung distressed ang kanyang kaharap.

Nang pumunta si ate diana sa POLO last thursday, itong Ruth na wala na ngang maibigay na solution, kahit ano pa ang pinagsasabi na nakakasakit ng loob ng isang distressed katulad ng mga sumusunod:

*"Ano ba naman maam, pati ba naman sakit mo ay ipapasan mo sa gobyerno?*

*"Anong gagawin mo sa kalinga? Magpapakalinga ka sa amin?"*

*Nang sinabi ni ate na, gusto nyang umuwi*

*"Sabihin mo gusto mong umuwi, para mapasok ka namin sa kalinga, hindi para magpapadoctor"*

*"Lumalapit-lapit ka pa sa patnubay, wala din namang magagawa ang mga iyan? "*

(Sirs, please tell this ill-natured officer ng polo, about cases noon at ngayon na patnubay ang tumapos (one example is alredo salmos).

Pakisabi sa ruth na ito na pumunta ng esteraha kung saang mga grupo galing ang mga pagkain nila.. or simply tell this unpleasant woman named ruth  to visit patnubay.org )..

By her hideous statements, si Ruth Daza ay hindi dapat magtratrabaho sa gobyerno. Dapat tanggalin na yan sa serbisyo. Ano ba naman itong mga pinadala ni Secretary Baldoz, ang manyak na mga lalaki, papalitan naman ng babae na borikat naman kung mananalita.

Nasa baba po yong email ko kanina at salamat. Please do your best na ma-endorse si ate diana sa hospital at kami na po bahala sa sulat sa emara..

Dear Labatt Resty and Amba Tago,

Salam sirs, pinapunta po namin si Ate Diana sa POLO ngayon to talk to Labatt Resty.para maendorse nyo na kaagad sa hospital. Hindi na po maganda ang kanyang kalagayan.

Last thursday pumunta po sya dyan sa POLO, nakausap si ruth.. umuwi si ate diana dahil sinabi ni ms. ruth na wala syang power magendorse sa hospital.

Last thursday din, I spoke with kuya robbie marahumsar.. he told me na karireceive nya lang daw ng information kay ate diana. So i suggested na idraft ko na lang ng sulat si ate diana para sa emara. and we both agreed na once nasa jawasat na ay si kuya robbie na ang magprocess.

Ang problema po ngayon sirs, ay lumala na yong kalagayan ni ate diana. at kailagnan nyang maendorse sa hospital.

Please be reminded na matagal na po namin itong nailapit sa POLO at sa embahada na rin.

God bless and more power,

joseph

**On Sun, Aug 3, 2014 at 8:25 PM, Tasio Espiritu wrote:**

Dear Amba Tago and Labatt Resty,

Salam sir, we would like to make a follow-up about this case.. medyo nahirapan na po si ate diana.

In our part, we will draft her letter to the emara and will have it translate to arabic.. Just in case wala pa pong naumpisahan ang polo para sa kanyang repatriation.

Take note na una itong lumapit sa polo noon kay miss ruth. at nang magmessage naman kami sa polo tinawagan sya ni miss ruth. ngayon wala na namang balita.. We need to know kung ano ang ginawa ng polo for her repatriation. if hindi kaya we will proceed what we think is best in order for her to be repatriated as soon as possible.

thank you so much and God bless us all always,
joseph

**2014-06-23 23:20 GMT+03:00 Tasio Espiritu wrote :**

Salam Amba sir.. yes yon ang problema sa jawasat.. her iqama is under a bangladeshi.. that is the reason why the transfer of sponsorship was no success.. Sakop sana sya ng amnesty at nakahanap kaagad ng magkafil sa kanya before the july 3 deadline. ang problema nga ay doon na sa final stage yong name ng bangladesh ang nag-appear. it can be corrected kaso malala na yata yong sakit nya sa kidney. I will forward your message to her po.

Thank you so much po sir and God bless you always,
joseph
**2014-06-23 22:59 GMT+03:00 Ezzedin Tago wrote:**

Joseph,

I asked LA Dela Fuente to contact her and check how she could be repatriated asap. The FWRC/BK is crowded and its not an appropriate place for those not in the best of health. Ms Pedrano should contact POLOs contact LaBatt Dela Fuente to assign Mr Robbie to check with Jawazat about her repatriation.  I do see a letter from Remal School about her transfer of employment and the Jawazat finding that her iqama is under a Bangladeshi ?

Ezzedin

**On Jun 23, 2014, at 10:01 AM, Tasio Espiritu wrote:**

Dear Amba Tago and Labatt Resty,

Please find the the attached documents of OFW Pedrano. She needs to stay in Bahay kalinga po

God bless and more power,
joseph

**2014-06-19 10:55 GMT+03:00 Tasio Espiritu  :**

Dear Amba Tago and LAbatt Resty,

May nakarating sa amin na message mula kay Elsie Balante ito ay tungkol sa problema ni Ginang Maria Diana Pedrano (xxxxxx). Matanda (53 years old) na at may problema pa sa kidney.

Maraming salamat and God bless you always,
Joseph

**Facebook Exchanges**

Elsie Balante

Jun 18th, 8:44pm

Hello po sa Lahat ,magandang Araw po, Ako po pla c Elsie balante ,may gusto po sana akong tulongan na kapwa natin ofw dto sa Riyadh po,kc ganito po yung.

Isturya niya noong 2008 po tumakas po cya sa amo niya at nag work po Xa sa school last year po piña follow up ng school owner yung nga papers niya para po ma sponsor Xa at mabigyan ng iqama po,nung pinapalow up po ng school sa jawasat lumabas po sa jawasat na may ibang gumamit sa name niya at iqama niya piña gamit ng amo niya sa ibang Tao ,ang masaklap po ibang lahi Bangladesh po yung may gamit ayon po sa jawasat record ,ngayun po nagka sakit cya at lagi po cya pabalik Balik sa dr.hanggang pinayuhan po Xa ng dr.na umuwi na ng pinas kc po

Medyo malala na sakit niya kidney at namamaga na ang kanyang nga paa po dhil sabi po ng dr.kailangan niya ma operahan sa lalong Madaling Panahon ,ang ginawa po niya pumunta po Xa sa polo ntin dto sa Riyadh at ang na kausap niya c mr.pablo po nung na kausap niya c Pablo pinasa po Xa sa nagngangalang Ruth po ,pinagalitan po Xa at sinabihan pxa na bkit ngayun Lang Kayo umuwi na tpos na ang amnesty at wala nang amnesty di daw nila alam Kung kailan uli mag kaka amnesty .....at sabi pa walang mag endorse sa kanya sa embassy ntin ,ang name niya po ay Maria Diana pedrano ,may edad na po Xa at ang # po niya xxxxxx....

sana po matulongan po Xa na makauwi bago po mahuli ang Lahat kc po namamaga naxa lalo na po yung nga paa ,

sana po matulongan nyo poxa parang awa nyo po wala na po Xa work NASA Bahay nalang po Xa ngayun Kung saan Xa tumutuloy sa inuupahang room niya ,maraming maraming salamat po sa inyo sana po matugunan po Xa ng Tulong ,,,,godbless po sa inyung Lahat Sana po maka receive ako ng reply po sa inyo....

Elsie Balante
Jun 18th, 8:48pm

Ang name po pala ng amo niya noon ay saad al raddadi at cp# xxxxxx

Patnubay Online
Jun 19th, 7:25am

we will forward your message to labatt resty de la fuente

Elsie Balante
Jun 19th, 7:31am

Thank you so much po ....

looking forward for the action bago po mahuli ang Lahat kc namamanas po Xa

Patnubay Online
Jun 19th, 7:53am

ano ang kanyang pangalan ulit?

Elsie Balante
Jun 19th, 10:04am

Ma'am Maria Diana pedrano po

**Cartographic Sketch**

Sa mga OFW na dumaan sa pasakit at kasamaan ni Welfare Officer Ruth Daza. Pakicheck kung tama na ba itong cartographic sketch natin. Wala kasi tayong picture sa kanya kaya nakabased lang tayo sa mga sumbong ng mga OFWs.




Ruth Daza